Citizenship and Immigration Canada
Citoyenneté et Immigration Canada

# Impormasyon para sa mga Ini-sponsor na Asawa o Kapareha



## Citizenship and Immigration Canada

Canada

May mga bagong regulasyon na ipinatupad na nakakaapekto sa ilang bagong ini-sponsor na mga asawa o kapareha na papasok sa Canada. Ngayon, pagdating sa Canada, lalagyan ng kondisyon ang permanent resident status ng mga ini-sponsor na asawa o kapareha na nasa relasyon sa loob ng dalawang taon pa lamang o mas maikli rito, at silang dalawa ng kanilang ini-sponsor ay walang anak nang dumating sa Canada.

## Ano ang ibig sabihin ng conditional permanent residence para sa iyo

Kung ikaw ay binigyan ng conditional permanent residence, dapat kayong magsama ng iyong sponsor sa isang **lihitimong relasyon** nang dalawang taon mula sa araw na natanggap mo ang conditional permanent residence. Ang kondisyon ay magtatapos makaraan ang dalawang taon.

## Apektado ba ako nito?

| | |
|---|---|
| Oo, kung ... | ang iyong aplikasyon ay natanggap noong Oktubre 25, 2012 o makalipas ang petsang ito. |
| Oo, kung ... | ikaw ay dalawang taon nang nasa isang relasyon o mas maikli pa rito at kayong dalawa ng iyong isponsor ay walang anak. |
| Hindi, kung ... | kayong dalawa ng iyong isponsor ay mahigit na dalawang taon nang nasa isang relasyon. |
| Hindi, kung ... | kayong dalawa ng iyong isponsor ay may anak nang inisponsor ang iyong aplikasyon. |

## Ang iyong mga karapatan

Pagkatanggap mo ng conditional permanent residence, makukuha mo na ang lahat ng mga karapatan at mga pribilehiyo ng isang permanent resident:

- Ikaw ay pahihintulutang magtrabaho o mag-aral sa Canada nang walang work o study permit.
- Makakakuha ka ng health coverage at social services.
- Maaari kang umalis at bumalik muli sa Canada.

Kung ikaw ay isang biktima ng pang-aabuso o pagpapabaya, hindi ka kailangang manatili sa isang abusadong sitwasyon.  Walang kinalaman dito kung mapapasailalim ka ng conditional permanent residence.  Sa Canada, hindi tinitiis ang abuso. Ang lahat ng pisikal at sekswal na abuso ay tinuturing na krimen. Ang lahat ng pang-aabuso sa bata ay dapat i-report.

**Ano ang abuso o pagpapabaya?**

Ang **abuso** ay isang kilos na ginagamit upang takutin, ilayo sa iba, dominahin o kontrolahin ang ibang tao. Ito'y maaaring madalas gawin o isang insidente lamang.  Maaaring kabilang sa abuso ang mga kilos, mga salita, o **pagpapabaya.**

Ang pang-aabuso ay maaaring **pisikal, sekswal, sikolohikal** o **pinansiyal, o isang pinuwersa o pinilit na pagpapakasal**.

- Bilang isang biktima, maaaring makaranas ka ng higit pa sa isang uri ng pang-aabuso.
- Karaniwan, ang nang-aabuso ay isang asawa, dating asawa, kapareha o dating kapareha. Minsan, ito’y maaaring isang miyembro ng pamilya ng iyong asawa o kapareha.
- Ang nang-aabuso ay maaaring lalaki o babae.

Ang **pisikal na abuso** ay pangkatawang kontak na ginagawa upang manakot o magdulot ng pananakit, pinsala, o ibang pangkatawang pagdurusa o pagpapahirap sa katawan o pilit na pagkulong sa isang lugar. Ang ilang mga halimbawa nito ay ang paghampas, pambubugbog, pagsampal, panununtok, at ang pagtulak na nagdudulot o maaaring magdulot ng pinsala sa katawan.

Kabilang sa **sekswal na pang-aabuso** ang puwersa o pagbabanta na ginagamit sa anumang sitwasyon, laban sa kagustuhan ng biktima, na nauuwi sa ‘di-ninanais na sekswal na paghipo o sekswal na aktibidad.

Maaaring kabilang sa **sikolohikal na abuso** ang puwersa o pagkontrola, kabilang ang mga insulto, pananakot, pagpapahiya, panggulo o pagbanta, pambabastos, paninigaw, pagsisi, pagtrato nang walang galang, pagpintas, o pagbanta na kukunin o sasaktan ang mga anak ng isang biktima.

Ang **pinansiyal na pang-aaabuso** ay nangyayari kapag ang isang kapareha ay may kontrol sa pagkuha ng pera ng kabilang kapareha.  Ang ilang mga halimbawa nito ay ang pagkuha ng tseke o pera ng biktima at pagkakait ng pera nang sa gayon ay hindi mabayaran ng biktima ang mga bagay na kailangan niya o ng kanyang mga anak, tulad ng pagkain, tirahan, o pagpapagamot.

Ang **pagpapabaya** ay ang hindi pagbigay ng mga kinakailangan sa buhay, tulad ng pagkain, pananamit, medikal na pangangalaga o tirahan, o anumang hindi ibibigay na maaaring magdulot ng malaking panganib.

**Inaabuso o pinapabayaan ka ba ng iyong isponsor o ng kanyang pamilya?**

Hindi mo kailangang manatili sa relasyon upang panatilihin ang iyong status sa Canada kung ikaw ay inaabuso o pinapabayaan.

Kung apektado ka ng conditional permanent residence, maaari kang humingi ng **eksepsiyon.**

Kung hindi ka apektado ng conditional permanent residence, dapat mong tandaan na ang ***abuso ay hindi tinitiis sa Canada. Hindi mo kailangang manatili sa isang abusadong sitwasyon.*** Ang pahina 6 at 7 ng polyetong ito ay nagbibigay ng impormasyon na magagamit mo upang humingi ng tulong.

**Paghiling ng eksepsiyon**

Ang **pinuwersa o pinilit na pagpapakasal** ay kapag ang pahintulot na magpakasal ay hindi malayang ibinigay ng kahit man lamang isa sa mga partido sa kasal; ito'y itinuturing na anyô ng pag-aabuso. Ang mga sumusunod ay kabilang sa mga kilos na may kinalaman sa pinuwersa o pinilit na pagpapakasal: pagbabanta o karahasan, pinuwersa o pinilit na pagkulong, sekswal na paggahasa, atbp.

| |
|---|
| Kung nakatanggap ka ng conditional permanent residence status, maaari kang humingi ng eksepsiyon mula sa kondisyon kahit kailan sa loob ng dalawang conditional na taon. Tumawag lamang sa CIC Call Centre sa 1-888-242-2100. Ang anumang impormasyon na ibibigay mo ay mananatiling kompidensiyal. |

**Iniisip mo bang ireport ito?**

- Maaaring nararamdaman mong nag-iisa ka sa Canada.
- Ang taong nag-abuso sa iyo ay maaaring nagsinungaling tungkol sa iyong status sa Canada.
- Maaaring mahirapan kang makipag-usap sa mga tao o maaaring kinatatakutan mo ang kaligtasan ng iyong mga anak.
- Maaaring mahirapan kang makipag-usap sa Ingles o Pranses.
- Maaaring maguluhan ka tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng batas sa Canada.

**Kailangan mo ba ng tulong?**

Kung ikaw ay inaabuso ng isang asawa, kapareha, o miyembro ng kanilang pamilya, hindi tama ito at may tulong na makukuha.

| **Kung ...<br>ikaw ay inaabuso** | **at ...<br>ito'y isang EMERGENCY** | **...<br>tumawag sa 9-1-1 o sa pulis.** |
|---|---|---|

| **Kung ...<br>ikaw ay naghahanap ng tulong** | **...** |
|---|---|
| | ➢ tumawag sa isang women's shelter |
| | ➢ tumawag sa isang crisis line |
| | ➢ tumawag sa isang counselling agency |
| | ➢ tumawag sa iyong organisasyon na nagsisilbi sa imigrante |
| | ➢ tumawag sa isang lawyer referral service, opisina ng legal aid, o pampublikong asosyasyon na nagbibigay ng legal na impormasyon |
| | ➢ kausapin ang iyong family doctor o community health centre |
| | ➢ kausapin ang isang taong pinagkakatiwalaan mo, tulad ng isang kaibigan o kamag-anak |
| | ➢ mga taong makakatulong sa iyo -- hindi ka nag-iisa. |
| **Huwag ikahiya ang paghingi ng tulong. Ang mga serbisyong ito ay kompidensiyal.** | |

**Maghanda -- mga serbisyong makakatulong sa iyo**

Gumawa muna ng isang personal na listahan ng makukuhanan ng tulong sa komunidad. Bukod pa sa pulis, ang mga iba't-ibang organisasyon at mga ahensiya ay makapagbibigay ng suporta o makakatulong na impormasyon. Tingnan ang white, yellow o blue pages ng iyong direktoryo o hanapin sa Internet ang telepono ng mga sumusunod:

- Pulis
- Ospital, medical clinic o doktor
- Mga pampublikong asosasyon na nagbibigay ng legal na impormasyon
- Mga serbisyo sa biktima
- Crisis lines
- Shelters/transition houses
- Mga opisina para sa mental health
- Mga multicultural o pang-imigranteng organisasyon
- Citizenship and Immigration Canada
- Mga taong pinagkakatiwalaan mo

**Gusto mo ba ng karagdagang impormasyon?**

Ang CIC ay naghanda ng **impormasyon at mga patnubay** ukol sa eksepsiyon sa conditional permanent residence  Ang impormasyon tungkol dito ay mahahanap sa www.cic.gc.ca/sponsor.

May iba't-ibang impormasyon na makukuha sa Internet para sa mga biktima ng pang-aabuso o pagpapabaya, kabilang ang isang ***Direktoryo ng mga Serbisyo sa Biktima.*** Ang Direktoryo ay mahahanap sa **Department of Justice website** sa **http://www.justice.gc.ca/eng/cj-jp/victims-victimes/vsd-rsv/index.html**. Hanapin ang mga serbisyo para sa biktima sa iyong komunidad sa pamamagitan ng pagpasok ng postal code sa nasa itaas na kanang sulok ng pahina.

Ang Department of Justice ay nag-isyu ng makakatulong na publikasyon na tinatawag na *Ang pang-aabuso ay Hindi Tama sa Anumang Wika* at ito'y makukuha sa **http://www.justice.gc.ca/eng/rp-pr/cj-jp/fv-vf/fe-fa/index.html**. Ang publikasyon ay isinulat sa **iba't ibang wika** at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pang-aabuso at mga batas sa Canada at kung saan pupunta upang makakuha ng tulong.

| **Tandaan:**<br>**Sa Canada, hindi tinitiis ang abuso.**<br>**Hindi ka kailangang manatili sa isang abusadong sitwasyon.**<br>**May tulong na makukuha: sa telepono, nang personal, at online.** |
|---|

© Her Majesty the Queen in Right of Canada, kinakatawan ng Minister of Citizenship and Immigration, 2013

Ci4-102/2014Tl-PDF
ISBN  978-0-660-03671-7
C&I 1920-2014